# 'Ang sinumang nagpagalak sa kanya na magligtas sa kanya si Allāh mula sa mga pighati ng Araw ng Pagbangon, pumawi siya [ng pighati] sa isang nagigipit o mag-alis siya ng utang nito.'"}

Ayon kay Abū Qatādah (malugod si Allāh sa kanya): {Siya ay humanap sa isang nagkautang sa kanya ngunit nagtago ito sa kanya, pagkatapos natagpuan niya ito kaya nagsabi ito: "Tunay na ako ay nagigipit." Kaya nagsabi siya: "Sumpa man kay Allāh?" Nagsabi ito: "Sumpa man kay Allāh!" Nagsabi siya: "Sapagkat tunay na ako ay nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: 'Ang sinumang nagpagalak sa kanya na magligtas sa kanya si Allāh mula sa mga pighati ng Araw ng Pagbangon, pumawi siya [ng pighati] sa isang nagigipit o mag-alis siya ng utang nito.'"}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Si Abū Qatādah Al-Anṣārīy (malugod si Allāh sa kanya) ay naghahanap ng isang nagkakautang sa kanya na nagkukubli sa kanya saka natagpuan niya ito. Kaya naman nagsabi ang nagkautang: "Tunay na ako ay nagigipit. Wala akong salapi para ipambayad ko sa utang sa iyo." Kaya nagpasumpa rito si Abū Qatādah (malugod si Allāh sa kanya) kay Allāh na wala itong yamang taglay nito. Kaya sumumpa naman ito kay Allāh na ito ay tapat sa sinasabi nito. Kaya nagsabi si Abū Qatādah (malugod si Allāh sa kanya) na tunay na siya ay nakarinig sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang sinumang nagpagalak sa kanya at nagpatuwa sa kanya na magligtas sa kanya si Allāh mula sa mga pighati ng Araw ng Pagbangon, mga kasawiangpalad dito, at mga hilakbot dito, pumawi siya [ng pighati] sa isang nagigipit sa pamamagitan ng pagpapatagal at pagpapaliban ng pagsingil sa utang o magpatawad siya ng isang bahagi ng utang o kabuuan nito."}

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4195